

PROLOGUE

“Nasa airport ka na?” halos pasigaw na tanong kay Lexie ng kaibigan niyang si Marcus sa telepono. Naririnig pa niya sa background ang ingay ng kinaroroonan nitong bar.

“Oo, pauwi na ako,” tugon niya habang palabas ng arrivals area ng *NAIA*. Hawak niya sa kaliwang kamay ang kanyang cell phone at sa kanan ay hila-hila niya ang kanyang carryall bag. Isa siyang international flight attendant at kadarating lang niya mula sa Hong Kong.

“Ano? Uuwi ka? Huwag mong sabihing wala kang balak pumunta sa despedida party ko?” naalarmang tanong nito. Sa Italy na maninirahan si Marcus. Naaprubahan na ang petisyon dito ng mga magulang nito.

“Sinabi ko na ngang pupunta ako, di ba? Kailangan ko munang umuwi para makapagbihis,” paliwanag ni Lexie.

Marcus was her long-time friend and the brother that she never had. Mami-miss niya ito nang sobra. Kung hindi nga lang ito magtatampo sa kanya ay hindi talaga siya pupunta sa party nito dahil pagod at inaantok na siya.

“Okay, bilisan mo lang. Dumating na ang karamihan sa mga bachelor friends ko.”

“Hello, as if atat akong makilala sila.” Malamang kasabwat ito ng mama niya sa paghahanap ng lalaking posible niyang maging boyfriend. Pakiramdam yata ng mama niya ay hindi na healthy para sa edad niyang twenty-one na *NBSB* pa rin siya.

May pagka-boyish kasi siya at karamihan pa sa mga kaibigan niya ay lalaki. OA lang ang ina. May mga nanligaw rin naman sa kanya. Kasalanan ba niya kung wala siyang nagustuhan sa mga iyon?

“Kaya hindi ka pa nagkaka-boyfriend dahil sa attitude mong ’yan, eh,” sabi pa ni Marcus.

“Uwi na ba ako o manenermon ka pa?” tanong niya.

Natawa ito at kaagad nang nagpaalam. May humintong taxi sa harapan niya at sumakay na si Lexie para magpahatid sa bahay.

Pagdating niya sa condominium unit na tinitirahan nila ng kanyang mama ay kaagad siyang naligo at nagbihis. Hindi na niya pinansin ang komento ng ina kung bakit fitted jeans at sleeveless top lang ang suot niya nang magpaalam siya rito dahil kausap na uli niya si Marcus sa telepono.

Kaagad siyang sumakay sa kanyang kotse pagdating sa basement parking at nag-drive patungo sa isang bar sa Makati. Pag-aari ng uncle ni Marcus ang nasabing bar.

Nakaabang na sa entrance ang kaibigan niya pagdating niya sa venue.

“You made it,” nakangiting sabi nito at hinalikan siya sa pisngi.

“Kaibigan mo ba ang lahat ng mga ’yan?” manghang tanong niya habang nakatingin sa mga taong nagsasayaw sa dance floor.

Natawa ang lalaki. “Nah. Sa second floor tayo.” Hinawakan siya nito sa kamay at iginiya siya sa second floor. Naroon ang hindi niya mabilang na mga kaibigan at mga kamag-anak nito. Nandoon na rin si Mikaela na best friend niya at kapwa niya flight attendant.

“Hey, I’d like you to meet someone,” sabi ni Marcus nang kaagad silang mag-chikahan ni Mikaela tungkol sa huling flight niya.

Hinila siya nito at dinala sa isang table kung saan naroon ang mga pinsan nito. Kilala na ni Lexie ang lahat ng mga nakaupo roon maliban sa lalaking nakatalikod sa kanya. Tinapik ito ni Marcus sa balikat, dahilan upang mapaligon ito.

Sandaling natigil ang paghinga niya nang makita ang mukha ng lalaki. Napatulala yata siya habang nakatitig dito.

“Pare, I’d like you to meet Lexie Elizabeth Asuncion, a dear friend of mine,” ani Marcus dito.

Tumingin ang lalaki sa kanya at nagtama ang kanilang mga mata. Tulad niya ay tila natulala rin ito.

“Lexie,” baling ni Marcus sa kanya.

“Sean Christian Umali,” di makapaniwalang usal niya bago pa maipakilala ni Marcus ang kaharap.

“Yeah, kilala mo na si Sean,” nakangiting sabi ni Marcus.

Of course, she knew Sean. He was a famous Tae Kwon Do expert. Sumikat ito dahil sa sunod-sunod na karangalang ibinigay nito sa bansa nitong mga nakalipas na taon matapos manalo sa *Olympics*. He was also a product endorser and a cover boy.

Noong una, isang matangkad, guwapo at athletic na lalaking hindi niya type ang tingin niya rito. Ang gusto kasi niya sa lalaki ay iyong mga men-in-uniform katulad ng yumao niyang ama na istrikto at may sinusunod na rules pero may malambot na puso.

Pero matapos niyang mapanood ang isang TV interview ni Sean ay bigla siyang na-curious tungkol dito. Classic kasi ang pagsasalubong ng mga kilay nito at pagkunot ng noo habang nagsasalita. Mukha rin itong suplado, pero nang ngumiti ay parang biglang nagniningning ang mga mata nito.

Tuluyan nitong nakuha ang interes ni Lexie nang malaman niyang graduate ito ng Business Management at nag-MBA sa Hong Kong. Siguro nga ay matalino rin ito. Before she knew it, he was already her ultimate crush.

Sean was more handsome in person. Bigla siyang na-conscious habang nakatitig sa kanya ang mapupungay na mga mata nito. Nagsisisi na siya dahil hindi siya nag-ayos nang husto bago nagtungo sa party. Pero parang gusto naman nito ang

nakikita base sa mainit na titig nito sa kanya.

“A handshake is necessary, pare,” pabirong sabi ni Marcus na itinulak sa balikat si Sean.

“Oh,” sabi ng lalaki na tila natauhan at saglit na napatingin kay Marcus bago muling ibinalik ang titig sa kanya.

“Nice to meet you, Lexie. Nice name,” nakangiting sabi nito. Lumantad ang maputi at pantay-pantay nitong ngipin.

“Thanks. Nice to meet you, too,” pakaswal na tugon niya at tinanggap ang pakikipagkamay nito.

“Hindi pa kumakain si Lexie, pare. Do you mind entertaining her for me?” Marcus was obviously playing Cupid and she loved it.

“Sure. What do you want to eat, Lexie?”

You, tugon ng isip niya but she only answered him with a smile.